# Plano ng Hakbang laban sa Kahirapang Pambata sa Yokohama (Edisyon Pambuod)

Taong 2016～2020

Mga Laman


- Kabanata 1 Introduksyon P1
- Kabanata 2 Kahirapang pambata sa Yokohama P2
- Kabanata 3 Pananaw sa Hakbang laban sa Kahirapang pambata P5
- Kabanata 4 Hakbang sa Kahirapang pambata sa Yokohama P7
- Kabanata 5 Kaugnay na Hakbang laban sa Kahirapang pambata P9
- Kabanata 6 Pagsulong ng Plano P19


## Ano ang hakbang sa kahirapang pambata?

Isinagawa ng bansa ang *Batas ng Pagsulong ng Hakbang sa Kahirapang Pambata* noong Enero ng 2014, at ginawa ang *Balangkas ng Hakbang sa Kahirapang Pambata* noong Agosto, upang paunlarin ang komprehensibong hakbang, hindi paghigpitan ng kapaligiran ng mga bata ang kanilang hinaharap at itayo ang malusog na kapaligiran kung saan may magkakapantay na oportunidad sa edukasyon.

Batay sa balangkas ng bansa, Naghalo ang Yokohama ng saligang layunin at idyea sa hakbang sa kahirapang pambata. Mula noong Mayo ng 2016, nagsagawa ang Yokohama ng *Plano sa Hakbang sa Kahirapang Pambata*, at ng mga hakbang sa susunod na 5 taon.

Yokohama

Kabanata 1


# Introduksyon

## 1 Dahilan ng paggawa ng plano

- Bata ang kinabukasan ng Yokohama. Upang alagaan ang paglaki at pag-aalaga ng mga bata, samantalang iwasan ang magkakaibang kalagayan ng pamumuhay sanhi ng kalagayang pang-ekonomiya ng pamilya nila, o kawing-kawing na mga pangyayari ng kahirapan sanhi ng mahigpit na pagpili sa pag-aaral at trabaho, kailangang gawin ang mabisang hakbang at praktikong mekanismo.

## 2 Posisyon ng planong ito at kaugnayan sa iba pang plano

- Ayon sa balangkas na ginawa ng bansa, at batay sa paksa at palagay ng *Gitnang Panahong 4 taong Plano ng Yokohama 2014 Hanggang 2017*, *Planong Pansuporta sa Pangangalaga ng Bata*, at *Ikalawang Yugto ng Plano ng Pagpapasulong ng Edukasyon ng Yokohama*, nagbuod kami ng ilang panukalang kapaki-pakinabang sa kahirapang pambata, samantalang nagpanukala kami ng pangunahing layunin, ideya at mga hakbang sa susunod na 5 taon sa lungsod.




## 3 Panahon ng planong ito

- Limang taon（2016～2020）

## 4 Obhekto ng planong ito

- 【Edad】 Para sa mga batang mula sa pre-ipinanganak hanggang sa pagtatapos sa unibersidad. Mga bata at tinedyer na may edad na kulang na 25 at pamilya nila.
- 【Sitwasyon】

  ① Mga bata, tinedyer at pamilyang nasa kahirapan

  ② Mga bata, tinedyer at pamilyang madaling nahihirapan sa buhay dahil may sakit at kapansanan ang tagapangalaga nila o nasa pamilyang may iisang magulang sila.

Kabanata 2

# Kahirapang pambata sa Yokohama

## 1 Pamamaraan ng pagsusuri sa kalagayan ng kahirapang pambata sa Yokohama

- Upang suriin ang kalagayan ng kahirapang pambata, isinagawa ng Yokomaha ang questionnaire para sa 6000 pamilyang may batang may edad mula 0 hanggang 24 at para sa mga pamilyang nakatanggap ng tulong na salapi sa buhay at bata. Isinagawa rin ang pagdinig ng mga tagasuporta, kabilang ang 17 ahensiya at grupo.

## 2 Kalagayan ng mga mahirap na bata sa Yokohama

### Ukol sa mga batang nasa pamilya sa ibaba ng *poverty line*

- Tinatawag na *child poverty rate* ang proporsyon ng mga bata kung saan kulang sa kalahati ng *average value* (o *poverty line*) ang kita ng pamilya nila.
- Sa lungsod, ang bilang ng mga batang nasa pamilyang nasa ibaba ng *poverty line* ng bansa ay mga 44,000, at 7.7% ang proposyon nito, batay sa datos ng pagsisiyasat mula sa mga mamamayan sa lungsod. Bukod dito, ayon sa pagtaya, kalahati ng mga pamilyang may iisang magulang ang nasa ibaba ng *poverty line* ng bansa. Kaya, malubha ang kalagayan ng lungsod, lalo ng mga pamilyang may iisang magulang.
- Sa pagsisiyasat ng mga mamamayan tungkol sa isip nila sa kasalukuyang kalagayan ng buhay, 5.8% ang proposyon ng mga sumagot ng "sobrang nakapapagod" sa lahat ng mga sumagot. Sumakop sila ng 17.5% ng mga pamilyang may iisang magulang, at 20.9% ng mga pamilyang nasa ibaba ng *poverty line*. Bukod dito, sa pagsisisyat ng obhekto, 27.4% ang proposyon ng mga sumagot ng "sobrang nakapapagod" sa lahat ng mga sumagot.
- Noong isang taon, sa pagsisiyasat ng mga mamamayan, sumakop ang mga pamilyang hindi nakabili ng pangangailangang pagkain ng 4.6% ng lahat ng mga sumagot, 16.6% ng mga pamilyang may iisang magulang, at 19.0% ng mga pamilyang nasa ibaba ng *poverty line*.
- Noong isang taon, sa pagsisisyat ng mga mamamayan, sumakop ang mga pamilyang hindi nakabili ng pangangailangang libro at kagamitang pang-aral ng 4.7% ng lahat ng mga sumagot, 19.2% ng mga pamilyang may iisang magulang, at 21.6% ng mga pamilyang nasa ibaba ng *poverty line*.

### Ukol sa mga bata at pamilyang madaling nahihirapan sa buhay

- Ayon sa hakbang sa mahihirap na bata mula sa balangkas ng bansa, kailangang ituring na "mga batang kailangang suportahan nang kagyat" ang mga batang kailangan ng panlipunang seguridad, nasa pamilyang nakatanggap ng tulong sa buhay at nasa pamilyang may iisang magulang. "Kailangang isagawa ang hakbang nang nauuna."
- **Mga batang kailangang alagaan ng lipunan**: Hanggang noong 2014, 880 ang bilang ng mga batang pinangangalagaan ng lipunan (nakapasok sila sa *nursery* o ibang mga pasilidad na pang-alaga ng mga bata,o kasama sa ama-amahan o ina-inahan), dahil nahihirapang mabuhay sila sa pamilya sanhi ng kawalang tagapangalaga o pag-aabuso. Sumakop sila ng mga 0.15% ng lahat ng mga may edad na kulang na 18 sa lungsod. May tendensyang tumaas ang bilang ng kaso ng pag-aabuso sa bata. May higit na 1000 kaso noong 2014 lamang.
- **Mga batang nasa pamilyang nakatanggap ng tulong na salapi sa buhay**: Sa mga pamilyang nakatanggap ng tulong na salapi sa buhay sa lungsod, ang mga batang may edad na kulang na 18 ay may tendensyang tumaas. Hanggang noong Hulyo ng 2014, 10,000 ang bilang nila at sumakop sila ng mga 2% ng lahat ng mga batang may edad na kulang na 18. Noong nakalipas na 20 taon, ang bilang ng mga pamilyang may iisang nanay na nakatanggap ng tulong na salapi sa buhay ay naragdagan sa 3.7 beses, at umabot sa 4000 hanggang 2014.

- **Mga batang nasa pamilyang may iisang magulang**: Noong 2013, ang bilang ng mga batang nakatanggap ng tulong na salapi ay 31,000. Sumakop sila ng mga 5% ng lahat ng mga may edad na kulang na 18 sa lungsod

## Paksa sa bata, pamilya at pambatang kahirapan

- Makikita ang mga susunod na problema sa mga isinagawang pagpupulong at *questionnaire survey.*
  - Mula sa mga pagpupulong at *questionnare survey*, karaniwan na hindi nakahingi ng tulong ang mga tagapangalaga sa kanilang kamag-anak dahil nakaranas sila ng pag-aabuso o karahasan mula sa kanilang mga magulang o asawa. Sa gitna nila, may mga kusang naghiwalay ng kaugnayan sa kanilang tagasuporta, at naihiwalay sila sa lipunan, kaya hindi sila nakatulong sa kanilang mga anak.
  - Ayon sa Sentro ng Pagpapayo sa mga Bata, maraming pamilyang kaugnay sa pag-aabuso sa bata ang nahihirapan sa suliraning pangkabuhayan. Kung kongkreto, Tumataas ang mga hakbang para iwasan ang pag-aabuso sa katawan, pagbigay ng diyetang di-angkop, iregular na pag-aaral, pag-iwan ng mga sanggol sa bahay at pagpapabaya ng kanilang kalagayan.
  - Sa pagsisiyasat ng mga mamamayan, tungkol sa pangkalahatang kalagayan ng pag-aaral ng mga batang may edad mula 6 hanggang 17, sumakop ang sumagot ng "sobrang mahina" o "medyo mahina" ng 9.7% ng lahat ng sumagot, 24.2% ng mga pamilyang may iisang magulang, at 26.4% ng mga pamilyang nasa ibaba ng *poverty line*.
  - Sumakop ang sumagot ng "may karanasang makatakas sa paaralan" o "nakatatakas sa paaralan" ng 3.8% ng lahat ng sumagot, 9.6% ng mga pamilyang may iisang magulang, at 10.8% ng mga pamilyang nasa ibaba ng *poverty line*.
  - Tungkol kung dahil sa pang-ekonomiya, lumisan o hindi nagpatuloy sa pag-aaral ang mga bata, sumakop ang sumagot ng "oo" o "hindi, pero siguro sa hinaharap" ng 20.7% ng lahat ng sumagot, 56.5% ng mga pamilyang may iisang magulang, at 49.6% ng mga pamilyang nasa ibaba ng *poverty line*.
- Batay sa resulta ng pagsisiyasat, nagbuod kami ng iba't ibang suliraning nagdulot ng kahirapan ng mga bata. Makikilala ang penomenang "*inter-generation chain*": nakaaapekto ang suliranin ng mga tagapangalaga sa pag-alaga ng kanilang mga anak, at ang kahirapan ay nagpapadala mula sa mga magulang tungo sa mga anak. Kaya hindi lamang kailangang isagawa ang mga tuwirang hakbang para lutasin ang kahirapan, kundi putulin ang "*inter-generation chain*".

## Paksang kaugnay sa pambatang kahirapan

**Tagapangalaga**

- **Karanasan ng paglaki at DV**
- **Kapansanan at problema sa kalusugan**
- **Paghihiwalay sa lipunan**
- **Karanasang pang-edukasyon**
- **Kawalang trabaho**

**Bata at tinedyer**

- **Pag-aabuso, pagpapabaya at kawalang-ayos na buhay**
- **Kapansanan at problema sa kalusugan**
- **Kalungkutan**
- **Mababa at mahinang pag-aaral**
- **Pagtakas sa paaralan**
- **Paglisan sa paaralan**
- **Kawalang trabaho**

## Suportang pambata para sa mahihirap na pamilya

- Nang itanong sa mahihirap na tagapangalaga ang pag-aalaala ng kanilang anak, 60% ang sumagot ng "pag-aalaala sa bayad sa edukasyon" at higit na 50% ang sumagot ng "pag-aalaala sa pagpapatuloy sa paaralan at pagsusulit".
- Sa pagsisiyasat, nang itanong ang pinakamabuting suporta para sa mga bata, higit na 60% ang sumagot ng "tulong na salapi sa buhay at edukasyon". Higit na 30% ang sumagot ng "tirahan o domitoryong nasa mababang presyo o upa". Suportang pang-ekonomiya ang pinakagusto nila.

# Pananaw sa Hakbang laban sa Kahirapang pambata

- Batay sa iba't ibang problema tungkol sa mahihirap na bata, tinedyer at pamilya, susunod ang mga palagay na binuod ng lungsod.

## 1 Mahalin ang mga anak, tinedyer at pamilyang hindi nakakuha ng suporta

(1) Identipikasyon, koneksyon at suporta

- May panukala na nakahaharap ng pinakamalubhang kalagayan ang mga pamilyang nasa estato ng panlipunang paghihiwalay at hindi maaaring kumuha ng suporta. Dapat muling suriin ang kalagayan ng mahihirap na bata, tinedyer at pamilya at tiyaking bigyan sila ng suporta.

(2) Pagtatayo ng mekanismo ng taong sumusuporta

- Bukod sa tulong at pag-aalaga, dapat hanapin ang kahirapan ng mga pamilya sa pamamagitan ng pagpapakinig at paglapit sa kanila. Ibigay ang suporta batay sa knilang kahirapan.

## 2 Pagpapanatili ng pisikal at mental na kalusugan noong sanggol, paglilinang ng katiyakan sa sarili at pagtitiwala

- Kung papanatilihin ang pisikal at mental na kalusugan ng mga bata, samantalang lilinangin ang kanilang mabuting ugali sa buhay, kailangang linangin ang katiyakan sa sarili at pagtitiwala, upang itaguyod ang paglaki nila.
- Sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa kanilang tagapangalaga, maaaring bumuo ng personalidad ng pagtiwala at bumuo ng matatag na emosyon at katiyakan sa sarili. Mahalaga ito para sa pagbuo ng mga pangunahing ugali sa pamumuhay at pag-aaral sa hinaharap. Mahalaga ito rin para sa pagbuo ng pagnanais ng pag-aaral at paghaharap sa kahirapan nang malakas.

## 3 Koordinasyon ng abilidad ng pag-aaral, edukasyon at kapakanan

**（1）Paglilinang ng abilidad ng pag-aaral ng mga bata sa elementarya at sekundaryang paaralan**

- Sa elementarya at sekundaryang paaralan, kailangang makipagtulungan ang paaralan at mga institusyon sa isa't isa para sa pagpapalakas ng suporta sa pag-aaral abilidad nito.

**（2）Paggamit ng koordinasyon ng edukasyon at kapakanan upang ibigay ang suporta sa mga bata at estudyante**

- Hindi maaaring lutasin ng paaralan lamang ang mga problema tulad ng kahirapan ng mga bata at pamilya, empleo, sakit at kapansanan ng mga tagapangalaga. Kaya kailangang makitulong ang natatanging kapakanan at serbisyong medikal. Kailangang palakasin ang kooperasyon ng mga paaralan, pamahalaan ng distrito at Sentrong Pankonsulta para sa mga Bata upang magbigay ng patuloy na suporta.

**（3）Suporta para sa mga batang pupunta sa hayskul**

- Sa kasalukuyan, upang tulungan ang mga bata na pupunta sa hayskul, isinasagawa ng lungsod ang "personal na proyekto sa pag-aaral" sa bawat distrito para sa mga batang nakatanggap ng tulong sa buhay. Gayunman, hindi maaaring sumali ang mga batang gustong sumali sa proyektong ito. Kaya kailangang palawakin ang saklaw at lugar na maaaring sumuporta. Bukod dito, sa ibang mga palagay. Upang pabutihin ang bisa sa pag-aaral, dapat isagawa ang proyektong ito nang mas maaga, hindi lamang para sa mga nasa ikatlong grado ng gitnang paaralan.

**（4）Pagpapalakas ng suporta ng pag-aaral at pansuportang network para sa mga estudyanteng nasa mataas na paaralan.**

- Sa kasalukuyan, may mga hakbang itaguyod ang patuloy na pag-aaral at empleo ng mga estudyanteng nasa mataas na paaralan. Ngunit, upang linangin ang kakayahang tumulong sa sarili, kailangan ding palakasin ang kooperasyon ng paaralan at mga institusyon. Sa proseso ng kooperasyon, dapat gawin ang mga sususnod: ibigay ang mga kinakailangang impormasyon at mga serbisyo ng pagpapayo upang suportahan ang patuloy na edukasyon ng mga bata; itayo ang sistemang pansuporta para sa mga lumilisan sa mataas na paaralan; ibigay ang pagkakataong bumalik sa mataas na paaralan at kaugnay na suporta, tulad ng pantatapos na pagsusulit para suriin ang antas ng mga estudyante.

## 4 Pakikipag-usap sa mga matanda

- Sa mga pansuportang aktibidad para sa mga bata, kailangang alamin ng mga bata ang kaisipan tungkol sa panhinaharap na trabaho. Upang makamit ang layuning ito, kailangang makipag-usap ang mga bata sa mga modelong mantanda. Bukod-tangi ang hakbang na ito sa proseso ng suporta sa pag-aaral.

## 5 Suporta para sa mga bata at tagapangalaga mula sa pamilyang may iisang magulang

- Sa proseso ng pagsuporta ng mga pamilyang may iisang magulang na madaling mahirapan sa kahirapan, kapag hindi malinaw kung mahirap o hindi sa kasalukuyan, parehong kailangang tulungan ang kanilang buhay, lalong kasama ang suportang sikolohikal. Ibigay ang suporta sa empleo upang sabay na makatrabaho at makaalaga sa kanilang anak ang mga magulang at bumuo ng kapaligirang nakatulong sa pag-aalaga.

## 6 Solusyon para sa mga batang kailangang alagaan ng lipunan

**(1) Suporta para sa kasarinlan pagkaalis ng mga bata mula sa mga institusyon**

- Kailangang tiyaking magkaroon ng matatag na tirahan ang mga bata pagkaalis nila mula sa mga institusyon, konsultasyong pantrabaho,at silungang pansuporta, lalo kapag nawawalan sila ng trabaho.

**(2) Pagpapayaman sa suporta ng pagpasok sa paaralan**

- Upang maiwasan ang mga sitwasyon, tulad na hindi nakapasok sa kolehiyo ang kabataan pero hindi nakalutas silang sarili, kailangang palakasin ang kamalayan ng suportang pang-ekonomiya at panlipunan.

## 7 Suporta para sa mga tinedyer na nasa kahirapan

- Habang itinataguyod ang mga hakbang na isinagawa ng ahensiya sumusuporta sa kasarinlan para sa kabataan, tulad ng propesyonal na pagpapayo at pagsasanay sa trabaho, kailangang itaguyod ang pangangalaga sa mga tinedyer sa rehiyon at suportahan ang kanilang pakikilahok sa mga panlipunang aktibidad.
- Kailangang isangkot ang mas maraming tagasuporta sa programang panlipunan at ikabit sa mga tinedyer hindi nakaugnay sa mga ahensiya, para kamtan ng mas maraming tinedyer ang suporta.

## 8 Suporta para sa mahihirap na bata sa panahon ng pagbubuntis at panganganak

- Ang suporta para sa mahihirap na bata sa panahon ng pagbubuntis at panganganak ay may malaking papel na alisin ang balisa sa pag-aalaga ng anak, pigilan ang pag-aabuso sa anak, kilalanin ang kahirapang pambata, at ibigay ang suporta nang umaga.

## 9 Patuloy na pagsuporta at pagbabahagi ng personal na impormasyon

- Para sa patuloy na pagsuporta, makikipagtulungan kami sa mga umiiral na samahan, tulad ng Lupon ng Kabuhayan ng mga Mamamayan, Lupon ng Kabataan at tagapangulo nito, at "Panrehiyong Samahan sa Hakbang sa Kahirapang Pambata". Samantala, maghahanap kami ng pamamaraan upang magbahagi ng mga impormasyon sa isa't isa, upang palakasin ang kooperasyon sa pagitan ng mga samahan.

## 1 Ang Batayang Layunin at Plano ng Patakaran ng Karalitaan ng mga Bata sa Lungsod Namin

- l Batay sa perspektibo ng patakaran laban sa karalitaan ng mga bata, nagpapanukala ang mga sumusunod na batayang layunin at plano:

### Kabanata 4 Hakbang laban sa Kahirapang pambata sa Yokohama

**Batayan g Layunin**

Sumulong ng Yokohama tungo sa isang lungsod kung saan maaaring gumamit ang kabataan na lilikha ng kinabukasan ng Yokohama ng ganap na galing at potensyal at kung saan maaaring malinang ang kanilang kakayahan ng pagsisimula ng mayaman at maligayang pamumuhay at paglikha ng masiglang lipunan. Lumikha ng isang kapaligiran na hindi limitado dahil sa kalagayang ekonomiya ng pamilya, na maaaring magligtas ng pagkakataon ng edukasyon at pag-aalaga, na ibinibigay ang kinakailangang kakayahan ng pag-aaral at ng matapang na pamumuhay, para sa pananggalang ng malusog na paglaki ng kabataan na may kasarinlan.

**Batayan g Palagay ng Pagsasagawa ng mga Hakbang**

Bata ang kinabukasan ng Yokohama. Upang alagaan ang paglaki at pag-aalaga ng mga bata, samantalang iwasan ang magkakaibang kalagayan ng pamumuhay sanhi ng kalagayang pang-ekonomiya ng pamilya nila, o kawing-kawing na mga pangyayari ng kahirapan sanhi ng mahigpit na pagpili sa pag-aaral at trabaho, batay sa pagbabahagi ng tungkulin sa pagitan ng bansa at kondehan, kailangang gawin ang mabisang hakbang at praktikong mekanismo ng lungsod namin, bilang isang munisipyo na may tuwirang kaugnayan sa kabataan at pamilya sa maraming okasyon.

- Paglikha ng kapaligiran na maaaring magligtas ng 'paglinang, paglaki' at 'pagkakataon ng edukasyon'
- 'napapanatiling suporta', paglikha ng 'praktikong' mekanismo
- Pananaw ng paglinang ng matatalino at pagsasaalang-alang ng kaugnayan sa rehiyunal na lipunan

**Sistema ng Plano**

**Saligan ng patakaran laban sa kahirapan ng kabataan**

pagsulong ng edukasyon at pag-aalaga na itinataguyod ang masaganang paglaki ng kabataan

**Haligi ng mga Hakbang**

- **Hakbang 1** — Tuklas, Kabit, Alaga
  - 1 Hakbang para sa pangangalaga ng kalusugan ng ina at anak, rehiyunal na tulong sa pag-aalaga ng bata
  - 2 Pakikipagtulungan sa pagitan ng paaralan at distritong pamahalaan atbp.
  - 3 Pagsulong ng mga pangkalahatang patakaran na pumigil ng batang abuso
  - 4 Tulong para sa kasarinlan ng mahihirap
- **Hakbang 2** — Pag-aalaga ng paglinang at paglaki ng mga bata
  - 1 Pananggalang ng paglinang at paglaki ng mga bata
  - 2 Tulong para sa mga mahirap na bata mula sa pamilya na may nag-iisang magulang
- **Hakbang 3** — Hindi magpapatuloy ang kahirapan
  - 1 Pagsuporta sa pag-aaral
  - 2 Pagsuporta sa patuloy na pag-aaral
- **Hakbang 4** — Pataasin ang ablidad ng kabataan.
  - 1 Konsultasyon at suporta sa trabaho para sa mahihirap na bata
  - 2 Pag-aayos ng kapaligiran para sa mahihirap na bata
- **Hakbang 5** — Pagpapatatag ng saligan ng pamumuhay
  - 1 Distribusyon ng tulong na salapi bilang batayan ng buhay
  - 2 Pagsulong sa empleo ng mga tagapangalaga
  - 3 Suportang pang-ekonomiya para sa mga pamilyang may bata

## 2 Progreso ng Plano

- Itinatakda ang mga target value ayon sa periyod ng paglaki ng mga bata at iba't ibang tauhang mahirap (tulad ng kabataan o pamilya na may iisang magulang) para sa pangangasiwa ng progreso ng plano.
- Ayon sa epekto ng mga hakbang ng plano, nangangasiwa ang progreso ng plano.May dalawang saligan ng tasa ng epektong ito: Una, kung napapabuti ang kapaligiran ng mga mahirap na bata; Ikalawa, kung pinangangalagaan ang batayan ng kasarinlan ng mga bata.

| Obhekto | Layunin | Status Quo Value | Target Value （Hanggang sa 2020） |
|---|---|---|---|
| **Pagbubuntis** | Proporsyon ng mga kinapapanayam sa mga buntis | 92.3%（2014） | 95.0%(※1 )pataas |
| **Bata bago Elementarya** | Bilang ng mga bata na naghihintay pumasok sa kindergarten | 8 （2015.4） | 0 (※1 ) |
| **Bata bago Elementarya、Estudyante sa Elementarya** | Proporsyon ng pagsasakatuparan ng mga proyekto na sinisiguro ang maayos na pagbabago mula sa pag-aalaga ng mga bata hanggang sa edukasyon sa elementarya | 53.4%（2014） | 65%(※1 )pataas |
| **Estudyante sa Elementarya at Paaralang Sekundaryo** | Proporsyon ng mga batang sumasagot na "May kabutihan ako" | Estudyante sa Elementarya：74.2% Estudyante sa paaralang sekundaryo：64.2%（2014） | Estudyante sa Elementarya：75.0%(※2)pataas Estudyante sa paaralang sekundaryo：65.0%(※2)pataas |
| **Estudyante sa Paaralang Sekundaryo** | Proporsyon ng mga estudyante na may pangarap at layunin panghinaharap | 69.8%（2014） | 75.0%(※2)pataas |
| | Bilang ng mga batang lumalahok sa mga gawaing tungo sa pagpasok ng mataas na paaralan, tulad ng personal pagtuturo | 488（2014） | 1,200 |
| **Estudyante sa Mataas na Paaralan** | Proporsyon ng gradwasyon sa munisipal na mataas na paaralan※3 | 93.1%（2014） | 95.0% pataas |
| | Proporsyon ng pagpasiya ng plano panghinaharap (pagpapatuloy ng pag-aaral/ paghahanap ng trabaho) sa gradwasyon sa munisipal na mataas na paaralan ※4 | 97.9%（2014） | 99.0% pataas |
| **Mahirap na Kabataan** | Bilang ng mga bata na may pagsulong sa kanilang kasarinlan sa pamamagitan ng patuloy na tulong mula sa mga mapagkawanggawang institusyon | 1,082（2014） | 1,500(※1 )pataas |
| **Tagapag-alaga ng mga Bata** | Bilang ng mga nagtatrabahong tao sa pangkat na tumatanggap ng tulong mula sa mga mapagkawanggawang institusyon para sa mga pamilya na may iisang magulang atbp. | 303（2014） | 1,900(※1 )pataas（2014～2017） |

※1 Target Value ng *Plano ng Taguyod sa Bata ng Lungsod ng Yokohama*（2019）
※2 Target Value ng *Ikalawang Plano ng Pag-unlad ng Edukasyon ng Lungsod ng Yokohama*（2018）
※3 Ang proporsyon ng gradwasyon ay bilang ng gradwado÷bilang ng lahat ng estudyante.
※4 Ang proporsyon ng pagpasiya ng plano panghinaharap ay bilang ng mga estudyante na nagpapasiya ng plano panghinaharap÷bilang ng gradwado.

## 1 Paunlarin ang edukasyon at pag-aalaga upang itaguyod ang masaganang paglaki ng kabataan

- Ang pag-aalaga at paglaki bago elementarya ay pundasyon ng aktibidad at pamumuhay pagkatapos na nagiging matanda ang mga bata. Pinahahalagahan ng lungsod namin ang pagkaipon ng kalagayan ng paglaki ng bawat bata mula sa panahon bago elementarya upang tuparin ang edukasyon at pag-aalaga na maaaring siguruhin ang pagpapatuloy ng paglaki at pag-aaral ng mga bata.
- Limang aspekto ng kakayahan ang layunin ng batang edukasyon ng Yokohama: kaalaman(matatag na kakayahan ng pag-aaral), kabutihan(masaganang kalooban),kalusugan(malusog na katawan),civism(pampublikong diwa at pagpapahalaga sa paglahok ng aktibidad panlipunan), pagkakabukas(pagkakabukas ng isip upang mag-ambag para sa lipunang global)

| Pangunahing Aktibidad | Buod |
|---|---|
| Pananggalang ng edukasyon at pag-aalaga sa kasanggulan | May pangkalahatang plano para sa edukasyon ng mga bata at tulong sa pag-aalaga ng mga sanggol ayon sa“Bagong Mekanismo ng Tulong para sa Kabataan”, na batay sa pananggalang ng panariling karapatan at paggamit ng pinaniwalaang kindergarten,alagaan,maliit na pag-aalaga,pag-aalaga sa pamamagitan ng pagbisita sa bahay. Nagbabawas kami ng imposisyon ng bayad ng naturang paraan ng pag-aalaga para sa mga pamilyang mababa ang kita. |
| Tulong na salapi para sa pagpasok sa mga pribadong kindergarten | Para sa mga bata sa pribadong kindergarten, tumulong nila ayon sa kalagayan ng kanilang pamilya upang magbawas ng imposisyon ng bayad ng pagpasok at pag-aalaga para sa mga pamilyang mababa ang kita. |
| Pakikipagtulungan at pagbabago sa pagitan ng kasanggulan,kabataan at elementarya | Para magtamo ng matagal na bisa ng edukasyon, mahalaga ang pagpapatuloy ng paglaki at pag-aaral ng mga bata. Samakatwid, naghahanda ang lungsod namin ng kursong plano na maaaring tumulong sa matagumpay na pagbabago mula sa alagaan/kindergarten tungo sa elementarya upang patuloy na tumulong sa paglaki ng mga bata. |
| Pagsisikap para sa pagpapabuti ng batayang kakayahan ng pag-aaral na tungo sa kasarinlan ng bawat tao | Magtakda ang mga paaralan ng “Plano para sa pagpapabuti ng kakayahan ng pag-aaral”upang mapabuti ang pamamaraan ng pagtuturo batay sa mga antas ng kakayahan.Bukod pa rito, sa pamamagitan ng indibidwal na gabay at gabay batay sa kasanayan, magsulong ang mga paaralan ng mga pamamaraan at mekanismo ng gabay para sa bawat bata upang pataasin ang batayang kakayahan ng pag-aaral. |
| Pagpapabuti ng kakayahan panlipunan ng mga bata | Turuan ang mga bata ng kabutihan at kakayahan na kinakailangan ng kasarinlan, mabuting kaugnayan sa mga kaibigan at masiglang pakikilahok sa aktibidad panggrupo. |
| Pagtitiwala sa sarili mula sa mga proyekto sa paaralan | Malikhaing gumamit ang mga paaralan ng mga proyekto na para sa lahat bata tulad ng “Yokohama Proyekto ng Kakayahan Panlipunan ng Kabataan”.Pinahahalagahan ng pamamaraan ng mga kurso ang paglikha ng pakiramdam ng pakikilahok ng bawat isa, at gumagawa ito ng isang pangkat kung saan may pagpapahalaga at masiglang pagtutulungan sa pagitan ng mga bata. |
| Tulong sa pag-aaral pagkatapos ng klase | Para sa mga estudyante sa sekundaryong paaralan na nangangailangan ang tulong sa pag-aaral, isasagawa ang “Proyekto ng Pag-aaral pagkatapos ng Klase”upang magturo ng ugali ng pag-aaral at mapabuti ang batayang kakayahan ng pag-aaral sa 76 paaralan bago 2020, na may pagtutulong mula sa rehiyon. |
| Pagsulong ng edukasyon panghanapbuhay batay sa periyod ng paglaki | Para payamanin ang pangarap, pag-asa, layunin at pagkaunawa ng halaga ng trabaho ng mga bata, nagsisikap ang elementarya at sekundaryong paaralan nang sabay-sabay sa pag-unlad ng edukasyon panghanapbuhay. |
| Hakbang ng tulong para sa pagpasok | Upang pumigil ng lakwatsa,nagsisikap ang paaralan na magtatag ng kapaligiran kung saan nagtitiwala sa sarili ang mga bata. Upang tumulong sa mga bulakbulero magtamo ng kasarinlan sa lipunan at bumalik sa paaralan, binibigyan ng Yokohama Sentro ng Tulong Pang-edukasyon ang mga bata at tagapag-alaga ng positibong tulong sa pamamagitan ng pagdalaw ng matapat na kaibigan at aktibidad sa “matapat” na lugar at silid. |

| | |
|---|---|
| Pagsulong ng edukasyong pandiyeta sa paaralan (paglinang at edukasyon ng ugaling pandiyeta) | Sa pamamagitan ng pagsulong ng edukasyong pandiyeta, turuan ng paaralan ang mga bata na may kasarinlan sa diyeta upang magkamit ng malusog na katawan at kalooban at magtamo ng saligan ng mayamang pagkatao. |
| Pagpapabuti ng pagkaunawa ng suliranin ng kahirapan | Subuking magtamo ng pagkaunawa ng mga guro sa iba't ibang okasyon ng katayuan ng mahirap na bata, impluwensiya ng karalitaan sa kanilang kalusugan/kakayahan ng pag-aaral/ kinabukasan at mga hakbang ng paaralan para lutasin ang kahirapan ng mga bata. |

## 2 Limang Haligi ng Hakbang

**Unang Hakbang** Tuklas, Kabit, Alaga

**Layunin ng Hakbang**

- Maghanap ng suliranin mula sa mga pang-araw-araw na pakikipagkita at pakikisama ng mga bata, pamilya, alagaan, kindergarten, paaralan, rehiyon at distritong pamahalaan na may problema mula sa pagbubuntis hanggang sa kabataan. Magkabit ng mga ito sa tulong sa pamamagitan ng pagpapayaman ng sistema ng mga institusyon.
- Sa mga rehiyon, lumikha ng kapaligiran kung saan pangkontra sa kapanglawan at matiwasay ang pamumuhay sa pamamagitan ng paglapit at pag-aalaga ng mga mahirap na bata at pamilya.

| Mga Pangunahing Hakbang | Buod |
|---|---|
| 1<br>Hakbang para sa pangangalaga ng kalusugan ng ina at anak, rehiyunal na tulong sa pag-aalaga ng bata | **【Tulong pakonsulta mula sa pagbubuntis hanggang sa pag-aalaga ng bata】** Paunlarin ang mga hakbang para sa kalusugan ng ina at anak, tulad ng pagpapahayag ng pagbubuntis, pagbibigay ng kalusugang pulyeto sa ina at anak, antenatal na eksaminasyon, kurso para sa mga magulang, pagdalaw sa mga buntis at manganganak, gabay sa pag-aalaga ng mga sanggol, eksaminasyong pisikal ng mga sanggol,atbp. Samantala, makipagtulungan namin kasama ng mga medikal na institusyon gaya ng departamentong obstetrical at departamento ng paediatrics at institusyon para sa tulong sa pag-aalaga ng mga bata at ibang tauhan, na bigyan ng suporta pakonsulta ang mga nangangailangan. Bukod pa rito, itatag namin ang “Yokohama SOS para sa pagbubuntis”（★）upang bigyan ng konsulta at tulong ang mga buntis na hindi sinasadya mula sa maagang periyod ng pagbubuntis. |
| | **【Pagpapatupad ng mga gawain para sa mga gumagamit ng suportang punto ng rehiyon para sa pag-aalaga ng bata】** Sa mga suportang punto ng rehiyon para sa pag-aalaga ng bata, ibigay ng full-time“Yokohama kapareha sa pag-aalaga”ang impormasyon,konsulta, tulong at payo upang maganap ang indibidwal na hinihiling ng mga pamilya at siguruhin ang matagumpay na paggamit ng edukasyon na may sari-saring katangian, kagamitan para sa alagaan at tulong para sa mga bata sa rehiyong ito. |
| 2<br>Pakikipagtulungan sa pagitan ng paaralan at distritong pamahalaan atbp. | **【Pagkakaisa ng opisina ng distritong pamahalaan para sa mga bata sa edad ng paaralan】** Ilagay ang opisina para sa mga bata sa edad ng paaralan (kabilang ang mga left-behind bata) sa Seksyon ng Tulong para sa mga Bata at Pamilya ng distritong pamahalaan upang isagawa ang patuloy na tulong mula sa kabataan hanggang sa edad ng paaralan. |
| | **【Pagtatatag ng trabaho ng manggagawang sosyal, sikolohikal na kasangguni,full-time guro ng tulong para sa mga bata（★） at full-time tiyutor sa paaralan】** Upang pumigil at lumutas ng mga suliranin tulad ng pananakot at lakwatsa, payamanin ang mekanismo ng tulong sa mga bata at estudyante sa pamamagitan ng pagtatatag ng trabaho ng full-time guro ng tulong para sa mga bata sa lahat ng elementarya, full-time tiyutor sa lahat ng sekundaryong paaralan,sikolohikal na kasangguni at manggagawang sosyal,atbp. |
| | **【Tulong para sa pagpapatuloy ng pag-aaral sa mataas na paaralan, pagpili ng plano panghinaharap(pagpapatuloy ng pag-aaral/ paghahanap ng trabaho),atbp】** Itatag ang trabaho ng sikolohikal na kasangguni sa lahat ng munisipal na mataas na paaralan upang ibigay ang tulong pakonsulta. Sa pamamagitan ng pagtatatag ng trabaho ng kasangguni para sa pagpapatuloy ng pag-aaral at kasangguni ng paghanap ng trabaho, na ibinibigay ang tulong pakonsulta tungkol sa hanapbuhay, at kasama sa gabay ng mga guro sa estudyante, isagawa ang tulong para sa pagpapatuloy ng pag-aaral at kasarinlan. |
| 3 Pagsulong ng mga pangkalahatang patakaran na pumigil ng batang abuso | **【Rehiyunal na pakikipagtulungan para sa pagpapalaganap ng pagpigil ng batang abuso】** Isagawa ang mga patakaran tungo sa paglutas ng batang abuso sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng pagpigil ng batang abuso, pakikipagtulungan ng mga institusyon ng ahensiyang pakonsulta para sa bata, paaralan at pulis, pagpapatatag at pag-aayos ng mekanismo, edukasyon ng mga matalino, pagpapabuti ng patakaran pangsamahan at hakbang ng tulong, pagtatayo ng distritong sistema na pumigil ng batang abuso. |
| | **【Pagpapabuti ng mekanismo ng konsulta at tulong sa sentrong pakonsulta, atbp】** Bumabalak ang aming lungsod na malinang ang mga nagdadalubhasang opisiyal na may kakayahan ng paglutas ng magulo at malubhang suliranin tulad ng batang abuso upang sumagot ng dumadaming konsulta at impormasyon.Ayon sa |

| | |
|---|---|
